

## Mensahe ng Arsobispo para sa Pasko at Bagong Taon

Pasalamat para sa Taunang Pagtitipon ng mga Pastor 2014

Para sa lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama,

Noong Disyembre 2, ang Taunang Pagtitipon ng mga Pastor ay nagtapos sa pamamagitan ng Misa bago umuwi ang mga pastor. Sa pagbabalik-tanaw sa aking homiliya sa pagtitipon, nais kong gagawin iyon bilang mensahe sa pagbati sa inyo para sa Pasko at Bagong Taon.

Ang Unang Pagbasa ay hango sa Aklat ni Isaias, Kapitulo 11. Ang sumusunod na pagbasa ang nakaantig sa aking puso: **“kung paanong ang dagat ay puno ng tubig, ang lupa nama’y mapupuno ng kaalaman ng Panginoon.”** (Is. 11:9) Ano ang maging kahinatnan sa tao kung “nakilala niya ang Panginoon”? –Makakatanggap siya ng naguumpaw na mga biyaya ng Banal na Espiritu. Nagsalita si Isaias sa Espiritu ng PANGINOON na nananatili sa supling galing sa tuod ni Jese at mamumunga ang isang sanga mula sa kanyang ugat. (v.1-2) Ang Espiritu ng Panginoon ay **“espiritu ng karunungan at pang-unawa, espiritu ng pagpapayo at lakas, espiritu ng pagkakilala at pitagan sa Panginoon”**. (v.2-3) (Ito nga pala ang pitong biyaya ng Espiritu ng Panginoon na natatanggap ng mga mananampalataya sa Sakramento ng Kumpil.) Ang “pagkilala sa Panginoon” ay pagtanggap sa Espiritu ng PANGINOON. Ipinaabot ni Isaias sa atin na balang araw, ang bawat tao ay mapupuno ng Espiritu ng Panginoon.

Ano ang mangyari kung **“ang mundo ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon”**?

Si Isaias ay naghula:

“Magkakasamang mabubuhay ang tupa at ang asong-gubat, mahihigang katabi ng batang kambing ang leopardo, manginginain ang guya, katabi ang batang leon, at isang munting bata ang aakay sa mga iyon. Ang baka at ang oso ay magkasamang manginginain, at ang mga anak nila’y magkatabing mahihiga. Kakain ng dayami ang leon na katulad ng baka, maglalaro ang pasusuhing sanggol sa lungga ng mga kobra at isusuot ng munting bata ang kanyang kamay sa pugad ng mga ahas. Sa aking banal na bundok walang mamiminsala’t mananakit.” (v.6-9)

Ngayon ang ay mundo ng “matira ang matibay” ngunit darating ang panahon, ang lahat ng nilalang ay tatanggap, tutulong at kaibiganin ang bawat isa; mabubuhay sila upang mabuhay din ang iba. Sa mga may buhay na mga nilalang, matinding pagkakaunawaan at kapayapaan ang itataguyod. Ito ay napakarangyang tanawin.

Si Papa Fransisko ay madalas magsabi ng “galak” sa kanyang Apostolikong Pangaral EVANGELII GAUDIUM.

Ang Ebanghelyo ni Lukas ay nagsasabi ng sumusunod:

**“Nang sandaling iyo’y nag-uumpaw sa galak ng Espiritu Santo si Hesus at sinabi niya: “Pinupuri kita, Ama, Panginoon ng langit at lupa, dahil inilihim mo ang mga bagay na ito sa marurunong at matatalino, at ipinamulat mo naman sa maliliit. Oo, Ama, naging kalugod-lugod ito sa iyo. Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala kung sino ang Anak kundi ang Ama, at kung sino ang Ama kundi ang Anak, at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.”** (Lk. 10:21-22)

Ang kagalakan ni Hesus ay galing sa Espiritu Santo. Ito ay kagalakang “makilala ang Ama” at ang kagalakangng “minahal ng Ama”. Ang Diyos Ama ay Diyos ng awa at pagmamahal. Ang kagalakan na malaman na ang awa at pagmamahal ay gawain ng Espirtu Santo.

Tayo ay ang tinawag ni Hesus na “ang pinagbunyagan sa kaalaman ng Ama”. Sa pamamagitan ni Hesus, nalalaman natin ang pagmamahal ng Ama. Nalalaman natin na ang ating Ama ay pagmamahal. Siya ang Diyos ng awa at pagmamahal na tumatanggap, nagpapatawad, kumikilala at nagbibigay buhay sa atin na mahihina at makasalanan. Ang pagmamahal na iyon ay buong naihayag kay Hesukristo, ang Kanyang Kaisa-isang Anak.

Ang ating Diyos Ama, ay nagpadala sa atin ng Espiritu Santo upang palakasin ang ating pananampalataya; at maging madasalin. Ito ang panalangin ng ating mga puso.

Sa mundong ito, may panahon na makakarinig tayo ng hindi magandang salita: “Nasaan ang iyong Diyos?” May panahon din na makita natin ang ating mga sarili sa gitna ng walang pag-unlad, kalungkutan at kadiliman. Ngunit kahit sa gitna ng kadiliman, ang liwanag ng muling nabuhay na Kristo ay nagniningning. Ang buong mundo ay napuno sa kapangyarihan ng Diyos na nagpapabuhay sa lahat ng tao. Nilupig ni Kristo ang kamatayan at patuloy na nagbibigay sa atin ng liwanag at lakas. Sa pagdating ng panahon, “ang lupa ay mapupuno ng kaalaman sa Panginoon” (Is. 11:9)

Malapit na nating ipagdiwang ang kapanganakan ng ating Panginoon at ang Kapistahan ng Ina ng Diyos (Enero 1). Ito ang mga araw na dapat magalak at magdiwang tayo sa kagalakan ng Espiritu Santo at awa ng Diyos.

Para sa lahat ng Mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama, nananalangin ako na ang inyong Pasko ay mapupuno ng maraming mga biyaya.

Sa darating na taon 2015 ay ang ika-70 na Anibersaryo ng pagbagsak ng mga bombang atomiko sa Hiroshima at Nagasaki. Manalangin at sama-sama tayong magtrabaho upang ang mundo ay mapuno ng “kaalaman ng Panginoon” at maging lugar na walang mga sandatang nukleyar.

Espesyal kong ipanalangin ang mga may sakit at nangangailangan upang ang Espiritu ng Panginoon ay magtaguyod, gumabay, magpasigla at tumulong sa kanila.

3 Disyembre, 2014

Kapistahan ni San Fransisko Javier

Arsobispo Pedro Takeo OKADA (Artsidiyosesis ng Tokyo)

Apostolikong Tagapamahala ng Diyosesis ng Saitama